

<p style="text-align: center;">THE LITTLE GOLDEN BUTTERFLY</p> <p style="text-align: center;"><i>Copyright (2006) by Hannah Ganabi</i></p>	<p style="text-align: center;">ANG MUNTING GININTUANG PARUPARO</p> <p style="text-align: center;"><i>Karapatang-ari (2006) ni Hannah Ganabi</i></p>
<p>Once there was a little gold butterfly, and she just came out of her cocoon.</p> <p>On that very first day of her coming out, she was happily flying over a bunch of wild yellow flowers. The wind was softly blowing but she noticed that they were very still. Suddenly, she heard a little whoosh, whoosh, whoosh, behind the tall grass.</p> <p>``Who is that?" she asked.</p> <p>``It's the snake and do keep quiet," whispered the yellow flower right under her nose.</p> <p>The butterfly sensed that danger was just around the corner. "But why? That snake is not going to eat you."</p> <p>``No, you're right, but it will eat the rabbit," another little yellow flower whispered.</p> <p>By and by she heard a small tap, tap, tap on the ground.</p> <p>``Who is there?" she said.</p> <p>The same soft little voice answered, ``It's the rabbit, quiet!"</p>	<p>May isang munting ginintuang paru-paro, at kalalabas lamang niya sa kanyang cocoon.</p> <p>Noong unang araw na iyon pagkalabas niya, ay masaya siyang lumipad-lipad sa ibabaw ng mga ligaw na dilaw na bulaklak. May kaunting paghihip ng hangin pero napansin niya na hindi man lang gumagalaw ang mga bulaklak. Bigla na lamang siyang nakarinig ng whoosh, whoosh, whoosh sa likod ng matataas na damo.</p> <p>"Sino ka?" tanong niya.</p> <p>"Ahas yan at huwag kang maingay," bulong ng dilaw na bulaklak na kanyang inamoy.</p> <p>Naramdaman ng paru-paro na may nakaabang na panganib. "Bakit naman? Hindi ka naman kakainin ng ahas."</p> <p>"Tama ka, hindi kami kakainin, pero kakainin ng ahas ang kuneho" sabad ng isa pang maliit na bulaklak.</p> <p>Maya-maya ay nakarinig siya na mahihinang yapak sa lupa.</p> <p>"Sino yan?" tanong niya</p> <p>Sinagot siya ng maliit na bulaklak, "ang kuneho, huwag kang maingay!"</p>
<p>Then everybody was very tense for a long time. At last, there</p>	<p>Kinabahan nang matagal ang lahat ng naroon. Sa wakas, may</p>

<p>came a little rustling, whispering sound, all around. Rustle, whisper, whisper.</p> <p>“Who is there?” said the little butterfly.</p> <p>“It's the snake,” said a wily, sneaky voice, “And why are you here? Gather your nectar somewhere else. This is my territory.”</p> <p>“N -- no,” said the little butterfly, “You can't pass.” And she placed her flimsy body in between the yellow flowers and the mouth of the snake.</p> <p>“Hmmm,” said the snake, “And who is out there behind you? The nasty rabbit?”</p> <p>The butterfly was afraid but she managed to say, “I just came out of a cocoon. Don't you think I should have time to enjoy the flowers?” the butterfly trembled.</p> <p>“Ah,” said the sneaky little snake, “So you want to enjoy the flowers hah?”</p> <p>After a while, the snake said, “So you don't know about my little rabbit hiding behind those flowers?”</p>	<p>narinig silang maliit na kaluskos, bulong, sa paligid. Kaluskos, bulong, bulong.</p> <p>"Sino yan?" tanong ng munting paru-paro.</p> <p>"Ako'y ahas," sagot ng nanunukso, nagtatagong boses, "At bakit ka naririto? Doon ka sa ibang lugar manguha ng nectar. Teritoryo ko ito."</p> <p>"H-Hindi" sabi ng munting paru-paro. "Hindi ka puwedeng dumaan." At iniharang niya ang kanyang manipis na katawan sa pagitan ng mga dilaw na bulaklak at ng bibig ng ahas.</p> <p>"Hmmm," sabi ng ahas. "At sino ang nariyan sa likod mo? Ang makulit na kuneho?"</p> <p>Takot na takot ang paru-paro pero nakuha pa rin niyang sabihin, "Kalalabas ko lamang sa aking cocoon. Siguro naman ay dapat lamang akong magsaya kasama ang mga bulaklak?" nanginginig niyang sabi.</p> <p>"Ah,"sabi ng nakakalokong maliit na ahas, "gusto mo palang magsaya kasama ng mga bulaklak ha?"</p> <p>Di nagtagal, sinabi ng ahas, "At hindi mo alam kung nagtatago ba sa likod ng mga bulaklak na iyan ang aking munting kuneho?"</p>
<p>The little butterfly said “I just met these yellow flowers. They are my new friends. And now they are scared so they couldn't even talk to me. I'm a little hungry you know, from being so cramped in that cocoon.”</p> <p>The snake moved its head here and there, stretching it under and over the butterfly, and circling around her, smelling</p>	<p>Sumagot ang munting paru-paro, "Ngayon ko lang nakilala ang mga bulaklak na ito. Sila ay mga bago kong kaibigan. Ngayon ay natalakot sila kaya ni ayaw nila akong kausapin. Medyo nagugutom ako alam mo ba, dahil masyadong masikip doon sa cocoon."</p> <p>Ginalaw-galaw ng ahas ang ulo nito dito at doon, sa ibabaw at sa</p>

<p>her. "You smell good, but I prefer a rabbit."</p> <p>"I will show you something," said the butterfly. Then she danced. She charmed the snake and by and by, the snake was swaying its head as she flew here and there flapping her golden wings. She twirled, and she flew wiggly down and up, and right and left. And her golden wings gleamed in the sun.</p> <p>While she does this, the rabbit slowly inched away and the yellow flowers pushed him to safety.</p> <p>When the butterfly was finished, the snake said, "Oh boy, how you can dance!" And the snake tapped its head three times on the ground in a kind of clap gesture. "Maybe we should go together so I won't be bored looking for food. You see it's so lonely out there when everybody avoids you. It would be good to have a friend for a change.</p>	<p>ilalim ng paru-paro, at paikot-ikot dito, inaamo'y amoy ito. "Mabango ka, pero mas gusto ko ang kuneho."</p> <p>"May ipakikita ako sa iyo," sabi ng paru-paro. Pagkatapos ay sumayaw siya. Inaliw niya ang ahas at maya-maya ay ginagalaw-galaw na nang aha sang ulo nito na parang nagsasayaw, habang palipad-lipad naman siya dito at doon, kinakampay ang kanyang gintong pakpak. Umikot siya nang mabilis, at lumipad siya ng paekis-ekis pababa at pataas, at pakaliwa at pakanan. At kumikinang ang kanyang gintong pakpak sa sikat ng araw.</p> <p>Habang ginagawa niya ito, ay dahan dahang lumayo ang kuneho at tinulak ito ng mga bulaklak hanggang malayo na ito sa panganib.</p> <p>Nang matapos sa pagsasayaw ang paru-paro, napamangha ang ahas at nagsabi, "Ang husay mo palang magsayaw!" At tinapik-tapik ng ahas ang ulo nito sa lupa nang tatlong beses, na parang pumapalampak. "Siguro ay dapat kang sumama sa akin para hindi naman ako mainip sa paghahanap ng pagkain. Alam mo naman, malungkot kapag iniawasan ka ng lahat. Masaya kung may kaibigan naman ako, para maiba naman.</p>
<p>The butterfly said, "But will you be bothering these flowers again?"</p> <p>"No, more," said the snake. I can't smell the little rabbit here anyway. But if I ask you to dance, will you dance for me?"</p> <p>"Sure. Thank you very much friend snake" said the butterfly.</p>	<p>Sumagot ang paru-paro, "Pero hindi mo na tatakutin ang mga bulaklak?"</p> <p>"Hindi na," sabi ng ahas. Eh hindi ko rin naman naaamoy ang kuneho rito. Pero kung hihilingin ko na sumayaw ka, sasayaw ka ba para sa akin?"</p> <p>"Oo naman. Salamat kaibigang ahas" sabi ng paru-paro.</p>

<p>“And thank you too, for not being afraid to dance. You’ve made my day.”</p> <p>And so snake whooshed away waving its little head goodbye.</p> <p>The butterfly said, “Surely, the world is really good, if even snakes can let a rabbit run for a while.”</p>	<p>"At salamat rin dahil hindi ka natakot magsayaw. Pinaganda mo ang araw ko."</p> <p>Kaya mula doon ay gumapang nang palayo ang ahas at ginalaw-galaw ang ulo bilang pagpapapaalam.</p> <p>Nasabi ng paru-paro, "Tunay na napakaganda ng mundo kung mahahayaan ng ahas na tumakbo sandal ang kuneho."</p>
--	--